REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG 92-21**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGTATAKDA NG LAANG-GUGULIN SA HALAGANG LIMANG DAAN LIBONG PISO (P500,000.00) LAMANG PARA SA PAGDIRIWANG NG ARAW NG MUNTINLUPA.**

*******************************************************************

Ipinanukala ni: Kon. Lucio B. Constantino

*******************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagdiriwang ng Araw ng Muntinlupa ang paggunita ng malaya at may kasarinlang tinatamasa bilang isang bayan;

**SAPAGKAT,** ang Araw ng Muntinlupa bagama't napakahalaga upang ipagdiwang ay kinakailangang tingnan din ang katayuang pinansiyal ng pamahalaang-bayan;

**SAPAGKAT,** ang pagdiriwang ay magiging makabuluhan at maningning rin kahit walang gaanong karangyaan at magastos na pagdiriwang;

**SAPAGKAT,** sa isang palibot-liham ng Pambayang Ingat-Yaman, Eduardo A. Alon na may petsa 31 Hulyo 1992 ay humihiling ng pagbabawas sa gastusin ang pamahalaang bayan at magkaroon ng pagsisikip ng sinturon o pagtitipid ang bawat tanggapan;

**SAPAGKAT,** higit na maraming proyektong pambayan ang dapat bigyan ng paunang pansin at pagkaabalahan na lubos na kapakipakinabang sa mamamayan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na tinatakda ang laang-gugulin para sa pagdiriwang ng Araw ng Muntinlupa sa halagang Limang Daan Libong Piso (P500,000.00) lamang at hindi maaaring humigit dito at pinagpasiyahan pa rin na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng mga tagapamagitan o namamahala sa mga programa para sa pagdiriwang ng binabanggit na okasyon.

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 92-21

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-16th regular na pulong na ginanap noong ika-26 ng Oktubre, 1992 sa Session Hall ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pangalawang Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**
**(Abstained)**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**
**(Di Sang-ayon)**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**
**(Abstained)**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ**
**Konsehal**
**(Di Sang-ayon)**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.**
**Konsehal**
**(Abstained)**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Kagawad**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**
**(Di Sang-ayon)**

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**